Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BLG. 143-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan
ni Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN

na nagtitibay ng pagliliwat ng KAPASIYAHAN Blg. 10, S. 1992 ng SAMAHAN NG MGA MAGULANG AT GURO AT NG SANGGUNIANG PAMBARANGAY NG BARANGAY SINALHAN sa Kgg. na Kinatawan ng Unang Purok ng Laguna, ROY ALMORO na nagsasaad ng paghiling na mapalaanan ng humigit-kumulang sa Isang Milyong PIso (₱1,000,000.00) na ang Kapasiyahang pinapaksa ay ginagawang Bahagi ng katitikang ito at nilagyan ng TANDANG "R".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

************

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXIV-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan
ni Kag. Tapangco)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTITIBAY NG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA MGA MAY-ARI (OPERATOR) NG MGA TRICYCLE NA PUMAPASADA/NAMAMASAHERO SA BAYAN NG SANTA ROSA NA NAGPAPAMANEHO/NAGPAPASADA SA MGA DRAYBER NA WALANG KAUKULANG LISENSIYA.

SAPAGKA'T, kapansin-pansin na marami sa mga drayber o namamasada ng pampasaherong traysikel ay wala sa hustong gulang at walang kaukulang lisensiya;

SAPAGKA'T, nararapat lamang na maging pananagutan ng may-ari o operator ang katiwaliang ito;

SAPAGKA'T, ang ganitong gawi ay labag sa batas na di dapat payagan ng mga may-ari o operator;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagpapataw ng

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON C. MARCELO
Kagawad

parusang multang nagkakahalaga ng ₱300.00 o pagkabilanggo ng 5 araw sa unang paglabag; ₱500.00 multa o 10 araw na pagkabilanggo sa ikalawang paglabag at ₱500.00 at pagwawalang-bisa ng linya ng tricycle sa ikatlong paglabag, sa mga may-ari (operator) ng mga tricycle na pumapasada/namamasahero sa bayan ng Santa Rosa na nagpapamaneho/nagpapasada sa mga drayber na walang kaukulang lisensiya.

IPINASIYA din na ipaskil ang kautusang ito sa mga lugal na madaling mababasa ng mga kinauukulan.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

KAPASIYAHAN BLG. 144-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Catindig na pinangalawahan ni Kag. Marcelo)

ANG KAPASIYAHAN
na nagtitibay sa mga KAUTUSANG PAMBARANGAY na isinulit ng Barangay Don Jose na nagsasaad ng sumusunod:

ORDINANSA BLG. 12-92 - na nagsasaad ng kuhanin o tanggapin ang aming "Bagong per diem" na nagkabisa noong unang buwan ng Enero ng taong kasalukuyan na nakatalaga o nakapaloob sa pondong administratibo ng aming 1992 Bgy. Budget.

ORDINANSA BLG. 11-92 - na nagtitibay na maglabas ng halagang gugulin para sa "food allowance" ng lahat ng Barangay Tanod na mangangalaga sa darating na All Saints Day.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

**********

Ang Ordinansa Blg. 01-92 ng Sangguniang Pambarangay ng Barangay Caingin ay pansamantalang inililiwat sa Bureau

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad